*Press Office*
**U.S. Department of Homeland Security**
500 C Street, SW
Washington, DC 20472

FEMA
Ika-3 ng Agosto 2007

# Mga Katanungan at mga Sagot

## Mga Madalas na Katanungan

### FOIA NA DESISYON TUNGKOL SA PAGBUNYAG NG IMPORMASYON UKOL SA APLIKANTE

**Ano ang iniutos ng Desisyon ng FOIA na dapat gawin ng FEMA? Bakit at kanino ibibigay ang impormasyon na ito?**
Bilang resulta ng kamakailan-lamang na natapos na Freedom of Information Act (FOIA) na kaso sa hukuman, ang News-Press v. DHS/FEMA, ang FEMA ay inutusan ng United States Court of Appeals para sa 11th Circuit na ibunyag:

- ang mga address ng mga taong nag-aplay mula sa FEMA para sa tulong sa kalamidad pagkatapos ng mga hurricane sa Florida noong 2004, at ng mga taong nag-file ng flood insurance claims sa ilalim ng National Flood Insurance Program para sa mga hurricane noong 2004.
- ang mga address ng mga taong iyon na nag-aplay mula sa FEMA ng tulong sa kalamidad sa pagitan ng mga taong 1998 at 2004 ; at,
- ang mga address ng mga taong nag-file ng flood insurance claims sa ilalim ng National Flood Insurance Program pagkatapos ng mga hurricane sa Florida noong 2004.

Ang impormasyon na ito ay karaniwang protektado sa ilalim ng Privacy Act (Batas sa Pagka-pribado) at ang FOIA na eksempsiyon para sa personal na pagka-pribado. Hindi ibibigay ng FEMA ang mga pangalan o anumang ibang personal na impormasyon tulad ng mga Social Security number o mga bank account number, o mga address.

Ginawa ng hukuman ang kanyang desisyon na ibunyag ang mga address ng aplikante batay sa walang-katulad na mga pangyayari noong mga hurricane sa Florida noong 2004, at natiyak nito na ang kapakanan ng publiko sa pagbigay ng FEMA ng disaster aid (tulong sa kalamidad) sa mga ganoong pangyayari ay mas mahalaga kaysa sa pagka-pribado ng mga indibidwal. Tutuparin ng FEMA ang utos ng hukuman.

**Ilan ang mga aplikante na naaapektohan ng desisyon ng hukuman na ito?**
Naaapektohan ng desisyon ng hukuman na ito ang libu-libong mga tahanan. Kasama dito ang pagbunyag ng impormasyon mula sa higit sa dalawang milyong aplikasyon sa FEMA.

**Anong mga kalamidad ang nasasakop ng desisyon ng hukuman na ito?**
Naaapektohan ng desisyon ng hukuman na ito ang 31 kalamidad sa walong estado sa pagitan ng mga taong 1998 at 2004. Ang mga ispesipikong kalamidad na sakop ng desisyon ay ang mga hurricane Charley, Frances, Ivan at Jeanne noong 2004; Hurricane Isabel noong 2003; Hurricane Floyd noong 1999; Hurricane George noong 1998; at 24 na iba pang mga malalaking kalamidad. Ang mga sakop na estado ay Alabama, California, Florida, Louisiana, Michigan, North Carolina, Ohio at Wisconsin.

Nakalista sa sumusunod na chart ang mga kalamidad na apektado ng desisyon:

| Estado | Numero ng Kalamidad | Petsa | Uri |
|---|---|---|---|
| Alabama | 1250 | 09/30/1998 | Hurricane Georges |
| | 1438* | 10/09/2002 | Tropical Storm Isidore |
| | 1466 | 05/12/2003 | Mga Grabeng Storm, Tornadoes at Pagbabahâ |
| | 1549 | 09/15/2004 | Hurricane Ivan |
| California | 1203 | 02/09/1998 | Mga Grabeng Winter Storm at Pagbabahâ |
| | 1498 | 10/27/2003 | Wildfires |
| Florida | 1204 | 02/12/1998 | Mga Grabeng Thunderstorm, Tornadoes at Pagbabahâ |
| | 1306 | 10/20/1999 | Hurricane Irene |
| | 1345 | 10/04/2000 | Malakas na Ulan at Pagbabahâ |
| | 1460 | 04/25/2003 | Tornado |
| | 1539 | 08/13/2004 | Hurricane Charley at Tropical Storm Bonnie |
| | 1545 | 09/04/2004 | Hurricane Frances |
| | 1551 | 09/16/2004 | Hurricane Ivan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 1561 | 09/26/2004 | Hurricane Jeanne |
| Louisiana | 1246 | 09/23/1998 | Tropical Storm Frances at Hurricane Georges |
| | 1435 | 09/27/2002 | Tropical Storm Isidore |
| | 1437 | 10/03/2002 | Hurricane Lili |
| | 1548 | 09/15/2004 | Hurricane Ivan |
| Michigan | 1346 | 10/17/2000 | Mga Grabeng Storm at Pagbabahâ |
| | 1527 | 06/30/2004 | Mga Grabeng Storm, Tornadoes at Pagbabahâ |
| North Carolina | 1240 | 08/27/1998 | Hurricane Bonnie |
| | 1292 | 09/16/1999 | Hurricane Floyd at Irene |
| | 1490 | 09/18/2003 | Hurricane Isabel |
| | 1546 | 09/10/2004 | Tropical Storm Frances |
| | 1553 | 09/18/2004 | Hurricane Ivan |
| Ohio | 1444 | 11/18/2002 | Mga Grabeng Storm at Tornadoes |
| | 1484 | 08/01/2003 | Tornadoes, Pagbabahâ, Mga Grabeng Storm, at Malakas na Hangin |
| | 1519 | 06/03/2004 | Mga Grabeng Storm at Pagbabahâ |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Wisconsin | 1238 | 08/12/1998 | Wisconsin Mga Grabeng Storm at Pagbabahâ |
| | 1332 | 06/23/2000 | Mga Grabeng Storm, Tornadoes at Pagbabahâ |
| | 1526 | 06/18/2004 | Mga Grabeng Storm at Pagbabahâ |

* Walang Individual Assistance na deklarasyon para sa kalamidad na ito.

**Kailan at paano sasabihin ng FEMA sa mga aplikante na ang kanilang impormasyon ay ibinubunyag?**
Simula sa unang linggo ng Agosto, sisimulan ng FEMA ang pagsisikap na kontakin ang mga apektadong aplikante. Magpapadala ang FEMA ng sulat sa hulíng nalalamang address at tatawagan ng FEMA ang hulíng nalalamang telepono sa file ng aplikante.

**Kung nag-aplay ako para sa pederal na tulong pagkatapos ng higit sa isang kalamidad, tatawagan ba ako nang ilang beses?**
Oo, sasabihan ng FEMA ang bawat aplikante para sa bawat kalamidad.  Kung nag-aplay ka para sa tulong sa higit sa isa sa mga kalamidad na natiyak na sakop ng desisyon ng hukuman na ito, tatawagan ka nang higit sa isang beses.

**Ibubunyag ba ang ganitong uri ng impormasyon ukol sa aplikante para sa ibang mga kalamidad, kabilang ang mga kalamidad sa darating na panahon?**
Hindi, patuloy na proprotektahan ng FEMA sa kinabukasan ang nagbibigay-pangalan na impormasyon ukol sa aplikante sa ilalim ng FOIA at ng Privacy Act.

**Ibibigay ba ang impormasyon na ito, na ibinunyag dahil sa desisyon ng FOIA, sa ibang mga taong humihiling dito?**
Oo.  Bagama't ang impormasyon na ito ay karaniwang protektado ng Privacy Act at ng FOIA na eksempsiyon para sa personal na pagka-pribado, oras na ibinunyag ng FEMA ang impormasyon na ito sa mga media organization sa Florida, ang ahensiya ay inaatasan, sa ilalim ng batas ng FOIA na "kapag ibinunyag sa isa, ibubunyag sa lahat", na ibigay ang parehong impormasyon sa ibang mga humihiling sa FOIA.

**Matatawagan ba ako mismo ng mga news organization bilang resulta nitong pagbunyag ng impormasyon?**
Oo. Ang FEMA ay inaatasang ibunyag ang mga tinitirahang address ng aplikante na nasira ng kalamidad. Gayunman, kung pinagsama ng news organizations ang mga address sa detalyadong impormasyon na dating ibinunyag sa ilalim ng FOIA, magkakaroon sila ng maraming impormasyon tungkol sa indibidwal na aplikante, tulad ng halaga ng tulong na ibinigay at ang status ng kanilang insurance claims.

**Ibubunyag ba ang impormasyon na ito sa lahat ng mga dyaryo sa parehong panahon?**

Hindi. Nag-file ang *The News-Press* ng kanyang reklamo sa Middle District of Florida, na nagpasiya na hindi kailangang ibunyag ng FEMA ang mga pangalan at mga address ng mga aplikante sa kalamidad dahil sa mga pag-aalala sa pagka-pribado. Dapat hintayin ng FEMA ang Middle District Court na mag-isyu ng isang bagong utos na sumasalamin sa pagpapasiya ng 11th Circuit Court of Appeals bago nito maibubunyag ang anumang impormasyon sa *News-Press*.